Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HUNYO 22, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | .... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 116-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ORDINANSA SA PAGLALAAN BLG. 03-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAGKAKAHALAGA NG WALUMPU'T APAT NA LIBO APATNARAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA PISO AT DALAWAMPU'T TATLONG SENTIMOS (Php84,429.23) MULA SA SURPLUS NG TAONG 2008 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php34,116.85), 10% SK FUND (Php15,061.48), CASH GIFT (Php27,500.00) AT SEMINAR (Php7,750.90)) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 31-T2009/Ordinansa sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagkakahalaga ng Php84,429.23 mula sa Surplus ng taong 2008 upang ilaan 20% development Fund (Php34,116.85), 10% SK Fund (Php15,061.48), Cash Gift (Php27,500.00) at Seminar (Php7,750.90) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Oscar F. Feliciano at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagkakahalaga ng Php84,429.23 mula sa Surplus ng taong 2008 upang ilaan 20% development Fund (Php34,116.85), 10% SK Fund (Php15,061.48), Cash Gift (Php27,500.00) at Seminar (Php7,750.90) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
June 26, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **KAUTUSANG BAYAN Blg. 12 - T' 2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor

received by:
APValencia
June 30, 2009